

Supot ni Mama Lot

# Supot ni Mama Lot



*Pamantayan sa Pagkatuto*

*Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang/nabasang pabula, kuwento, tekstong pang-impormasyon at usapan.* ***F6PN-ia-3.1/F6PN.IA.G3.1/ F6PB.ic.3.1.1/F6PN.ia.3.1***

Treasury of Storybooks

* * * * * * * * * * * * * * * * * * *

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval of conditions shall be required for the use for any purpose of statues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assembles and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended.

DEVELOPMENT TEAM



Wala na yatang dadakila pa sa kuwento ng sakripisyo, pagmamahal, at pagiging dakilang ina ni Mama Lot. Siya ang nanay ng lahat ng batang lansangan sa kalye, mga namamalimos, at mga batang walang kumukupkop na mga magulang. Walang sariling anak si Mama Lot, ngunit anak ang turing niya sa amin.  Lahat ng batang nagugutom, sa kanya ay sumisilong. Walang permanenteng bahay si Mama Lot. May mga pagkakataong siya ay nakatira sa bangketa, kung minsan ay sa gilid ng simbahan, o kaya naman ay sa madidilim na eskinita, may mga pagkakataon ding siya ay nasa abandonadong gusali at ospital. Siya na yata ang kilala kong may pinakamaraming tirahan dahil  kahit saan ka magpunta tiyak makikita mo ang kanyang kariton.



Sa kariton na ito nabubuhay si Mama Lot. Kahit saan siya magpunta, ito ang kanyang kasa-kasama. Ito na ang kanyang tirahan, sasakyan, higaan, at panghanapbuhay. Sa pamumulot ng mga basura siya nabubuhay. Dito niya inilalako ang mga bote, dyaryo, bakal, at mga plastik na pinupulot niya mula sa iba't ibang imbakan ng basura at ikinakalakal sa mga **junkshop** upang magkaroon ng panggastos sa araw-araw. Sa loob ng maraming taon ang kariton ang naging munting palasyo ni Mama Lot. Sa gabi, tanging kislap ng mga bituin ang nagiging ilaw niya sa tuwing namamahinga siya. Mula sa kanyang higaan tanaw niya ang mga makikislap na bituin na animo'y mga diyamanteng nakalutang mula sa madilim na langit.



Ngunit ang higit na nakabibilib kay Mama Lot ay ang malasakit niya sa mga batang palaboy sa kalsada katulad ko. Dahil wala siyang pamilya, itinuturing niya ang bawat batang namamalimos at nabubuhay sa kalsada na kanyang pamilya. Siya ay likas na may pusong busilak para sa lahat ng mga batang nangangailangan ng kanyang aruga at pagmamahal. Lahat na yata ng mga batang pulubi sa kalye ay kilala at mahal na mahal siya dahil sa pagiging likas na mabuti.



Walang batang nagugutom kay Mama Lot. Parang may madyik ang kanyang kariton. Sa tuwing umuuwi siya, tiyak sorpresa ang dala niya. Walang araw na nagugutom ang mga batang pulubi kay Mama Lot dahil halos araw-araw iba-ibang mga masasarap na pagkain ang kanyang naiuuwi mula sa kanyang madyik supot. Ewan ko ba kung saan kumukuha ng pambili si Mama Lot upang gawing tila pista ang bawat gabing pinagsasaluhan namin sa kanyang kariton.



Bitbit ang kanyang madyik supot, tiyak sari-saring pagkaing pangmayaman ang bitbit niya; pritong manok, karekare, murkon, lumpiya, at sarisaring ulam. Sa bawat araw na lumilipas iba-iba ang dala niyang pagkain mula sa kanyang madyik supot. May mga araw na puro karne ng baka ang inuulam namin, may mga araw na masarap na letson ang kanyang inihahapag. Kung minsan, may mga pritong manok at mga pagkaing di pangkaraniwan na inihahapag kapag may mga espesyal na okasyon. Lahat na yata ng masasarap na pagkain ay natikman na namin. Parang mas masarap pa yata ang mga kinakain namin kumpara sa mga batang may maayos na pamumuhay. Kahit minsan lang kami kumain sa buong araw, ang pagkabusog namin ay halos pangtatluhang araw na. Ganyan kami kamahal ni Mama Lot. Walang gabing natutulog kami na walang laman ang aming tiyan.



Sa tuwing tinatanong namin si Mama Lot kung saan niya kinukuha ang mga masasarap na pagkaing inilalagay niya sa kanyang madyik supot, isa lang parati ang isinasagot niya, “Bigay ito ng mga amiga kong mayayaman.” Napapaisip tuloy kami. Araw-araw yatang may malaking handaan sa mga amiga ni Mama Lot. Siguro ganoon talaga ang mayayaman araw-araw ay pista hapag-kainan. Mabuti na lamang at maraming amiga si Mama Lot. Sana minsan, isama niya kami sa kanyang mga amiga para naman personal kaming makapagpasalamat sa mga pagkaing pinadadala nila kay Mama Lot.



Sa isang buong taong pamamalagi ko sa pangangalaga ni Mama Lot walang araw na hindi kami nabubusog. Parang laging may maliit na pista o kaya nama'y kaarawan sa aming hapag-kainan. Palagi kaming pinaaalalahanan ni Mama Lot na laging magpasalamat sa Panginoon  sa bawat pagkaing ihahain niya. Parati kaming sinasabihang magdasal muna bago namin pagsalu-saluhan ang mga pagkaing galing sa kanyang madyik supot. Ang sabi pa niya, biyaya raw iyon ng Panginoon kung kaya't marapat lamang na kami ay magpasalamat.



Isang araw, matapos mamulot ng mga basura, naisipan kong sundan si Mama Lot. Nais kong malaman kung saan niya kinukuha ang masasarap na pagkaing dinadala niya tuwing gabi sa aming kariton. Palihim kong sinundan ang mga yapak niya patungo kung saan ay hindi ko rin alam. Maraming kanto at eskinita ang aking dinaanan. Iniisip ko kung saan ako dadalhin ng aking maruruming mga paa. Sa dami ng liko, diretso, paikot-ikot, madilim at maliwanag na daan, sa wakas huminto rin kami. Sa isang malaking restoran kami napadpad. Tila pangmayaman ang kainang ito dahil ang mga kumakain dito ay mukhang maykaya.



Naghintay muna ng ilang sandali si Mama Lot sa labas hanggang sa isang tauhan ng kainan ang lumabas mula sa likuran ng restoran. Bitbit ang isang napakalaking supot na animo'y lalagyan ng basura. Sa aking palagay, sa loob nito ay ang mga tira-tirang pagkain na inipon mula sa pinagkainan ng mga taong kumakain dito.



Inilagay ito sa isang malaking basurahan, at pag-alis ng mama ay siya namang sinalisihan ni Mama Lot. Isa-isang hinimay ni Mama Lot ang mga tira-tirang pagkain na nasa supot  katulad ng malalaking hiwa ng karne ng baboy, baka, manok, letson, at sarisaring mga putahe na bahagya lang nabawasan. Maingat itong pinaghiwa-hiwalay ni Mama Lot at isa-isang ipinasok sa kanyang madyik supot at saka mabilis na tumakbo.



Hindi ko mawari at lubusang maisip na doon pala nanggagaling ang masasarap na kinakain namin. “Pagpag” daw ang tawag sa pagkaing iyon. Ang hirap ipaliwanag ng aking naramdaman sa mga oras na iyon dahil sa aking natuklasan. Ang buong akala namin ay galing sa mga kaibigan ni Mama Lot ang mga pagkaing inihahapag niya sa amin. Hindi ko alam kung masusuka ba ako sa mga bagay na nakita ko noong mga sandaling iyon. Isa lang ang malinaw sa akin, nabuhay at nakaraos kami dahil sa mga pagkaing galing sa pagpag. Nagpasya akong ilihim ang aking nalaman tungkol sa mga pagkaing dinadala sa amin ni Mama Lot. Nagkunwari akong walang alam at patuloy sa kung ano ang nakagawian namin.



Kinabukasan, isang pangyayari ang gumulantang sa amin. Isa-isa kaming nagsuka at sumakit ang tiyan na parang bang dinapuan kami ng isang nakahahawang epidemya. Walang tigil ang aming pagsusuka, halos bumaligtad na ang aming mga sikmura. Dahil sa sobrang sakit ay napagpasyahan naming magpadala na sa ospital dahil sa hirap na aming nararamdaman sa mga oras na iyon. Mabuti na lang at may mga kasamahan kaming may mabubuting puso upang kami ay dalhin sa pinakamalapit na ospital sa aming lugar.



Ayon sa pagsusuri ng doktor, nagkaroon daw kami ng sakit na kung tawagin ay **cholera**. Nanggagaling daw ito sa mga pagkain at inuming kontaminado o marumi. Marahil ito na ang masamang epekto ng pagkain namin ng pagpag dahil lingid sa kaalaman ng iba ko pang kasamahan, ang pagkaing inihahapag sa amin ni Mama Lot ay nanggagaling sa basurahan. Nanatili kami ng ilang araw sa ospital. Matapos ang ilang araw na gamutan at obserbasyon ay ligtas na kami sa panganib. Salamat na lang at kaagad namin itong naagapan dahil kung hindi, marahil ang ilan sa amin ay binawian na ng buhay.



Simula noon, wala na ang masasarap na pagkaing nanggagaling sa mahiwagang supot ni Mama Lot. Wala na ang mga tira-tirang pritong manok, wala na rin ang masasarap na murkon, karekare, lumpiya at letson. Gayundin, ang masasarap na pansit, **spaghetti**, at makukulay na keyk tuwing may bertdey ay hindi na namin naihahanda. Bilin ni Mama Lot, kailangang ibahin muna namin ang nakagawiang pagkain. Mga nilutong pagkain katulad ng ginisang sardinas, sinabawang miswa na animo'y ilog, pinaghalong gulay, tinolang manok at iba pa ang amin na ngayong pagsasaluhan. Malayong-malayo sa mga nakagawiang pagkaing inihapag sa amin ni Mama Lot. Sa mga ganitong pagkakataon, kailangan kong sanayin ang aking dila sa mga simpleng pagkain ngunit ligtas at malinis. Sa paglipas ng panahon, nasanay na rin kami sa ganitong uri ng pagkain. Hindi na namin hinahanap ang mga pagkain sa madyik supot ni Mama Lot. Ang mahalaga sama-sama kami at ligtas sa anomang panganib sa mga pagkaing kinakain namin.



Isang araw, bago sumapit ang Pasko, isang hindi inaasahang pangyayari ang ikinagulat naming lahat. Habang kami ay natutulog sa bangketa, isang grupo ng kapulisan ang bumulabog sa amin. Utos daw ito ng alkade ng lungsod na hulihin ang mga batang nakatira sa kalsada katulad namin. Sa sobrang takot namin isa-isa kaming kumaripas ng takbo na walang bitbit maliban sa aming mga damit at sarili. May mga kasamahan kaming mabilis na  tumakbo sa mga tagong eskinita, sa ibabaw ng tulay, may mga dumaan sa kanal, may nagtago sa likod ng malalaking gusali, at ang iba naman ay bigla na lamang naglaho na parang bula. Tila hindi ko nakita si Mama Lot. Wala rin siya sa mga nahuli ng mga pulis. Sa aking palagay ay nakatakas siya at kung saan man siya dinala ng kanyang mga paa ay hindi ko alam. Sana ay maging ligtas siya at hindi mahuli ng mga pulis.



Dahil sa mga pangyayaring iyon, nagsimula kong baguhin ang aking buhay. Itinaguyod ko ang aking pag-aaral at nagsimulang mangarap ng isang maginhawang buhay malayo sa aking nakagisnan. Sa tulong ng **Department of Social Welfare and Development** at ng lokal na pamahalaan ako ay nakapagtapos ng pag-aaral at nangakong hahanapin ko ang Mama Lot ko kahit na anong mangyari.



Nagdaan ang maraming taon at mayroon na kaming kanya-kanyang buhay. Ang ilan sa amin ay sinuwerte at ang ilan naman ay nanatili pa rin sa kalsada. Ang ilan sa amin ay sinuwerte habang nanatili naman sa kalsada ang iba. Wala na kaming balita sa iba pa naming mga kasamahan. Maging si Mama Lot ay hindi namin alam kung saan na napadpad. Nagtanong-tanong ako sa mga naging kasamahan namin ngunit sadyang wala na rin silang balita tungkol sa kanya. Isa na akong may-ari ng sikat na restoran sa lungsod. Palagi akong dumudungaw sa may pintuan at bintana nagbabakasakali na makita ko ang Mama Lot ko. Sayang nga lang at hindi niya nakikita ang aking tagumpay, utang ko sa kanya kung saanman ako naroon ngayon. Sana dumating ang araw na masuklian ko ang kanyang kabutihan.



Isang maalinsangang gabi, bago ang araw ng aking kaarawan, isang matandang babae ang naaninag ko sa likuran ng aming restoran. Matanda na ito at tila hinang-hina na. Mula sa dilim kitang-kita ko na naghahanap siya ng mga tira-tirang pagkain mula sa basura. Isang alaala ng aking nakaraan ang nanumbalik sa akin. Tila pamilyar sa akin ang eksenang nakikita ko nang mga sandaling iyon, ilang taon na ang lumipas. Nilapitan ko siya nang palihim at nang papalapit na ako, nanlaki ang aking mga mata sa aking nakita.



Humarap sa akin ang matanda at tila pamilyar sa akin ang kanyang mukha. Ang mga mata niya, ang hugis ng mukha, buhok, at ang kanyang mga ngiti. Sa hawak niyang supot ay nagpahiwatig sa akin ang napakaraming alaala mula sa aking nakaraan. Si Mama Lot ko!!! Hindi ko maipaliwanag ang aking naramdaman ng mga sandaling iyon. Malakas ang kabog ng aking dibdib, nanginginig ang aking mga kamay at may namuong luha sa gilid ng aking mga mata. Niyakap ko nang mahigpit si Mama Lot. Isang yakap na animo'y wala ng bukas. Ramdam ko ang init ng kanyang katawan at ang haplos ng kanyang mga kamay. Niyakap niya ako at humagulgol sa pag-iyak. Salamat sa Diyos, nakita kong muli si Mama Lot.

Nang gabing iyon, ipinaghanda ko ng masarap na hapunan si Mama Lot. Ako ang personal na nagluto ng kanyang pagkain. Matapos ko siyang paliguan at bihisan, kagaya ng dati, nagkuwentuhan kami sa mga bagay na nangyari noong mga panahong nagkahiwa-hiwalay kami. Labis ang tuwang mababakas sa kanyang mukha dahil sa mga sandaling ito, ako naman ang mag-aalaga kay Mama Lot katulad ng mga panahong kami ay kaniyang inalagaan noong kami ay mga batang kalsada pa. Nangako ako sa sarili na hinding-hindi na kami maghihiwalay ni Mama Lot dahil hindi ko na pakakawalan ang pagkakataong ito na suklian siya sa lahat ng kabutihang ginawa niya sa amin.



Kinabukasan nagpunta kami ni Mama Lot sa lugar kung saan kami namuhay. Katulad ng dati, naroon pa rin ang mga batang kalye na namamalimos at wala pa ring matirhan. Nagdala kami ng maraming pagkain upang doon ipagdiwang ang aking kaarawan. Para sa akin, ito na yata ang pinakamasayang kaarawan na aking naranasan sa buong buhay ko. Ngayong ako'y matagumpay na sa aking buhay, lahat ng pagkaing masasarap ay halos natikman ko na. Ngunit wala ng sasarap pa sa pagkaing galing sa mahiwagang supot ni Mama Lot. Dahil ang pagkaing ito ay bunga ng pagmamahal na hindi matutumbasan ng anomang salapi. Kinagabihan, bago siya natulog ay inawitan ko siya ng kanyang paboritong kanta, *"Balutin mo ako ng hiwaga ng iyong pagmamahal, hayaang matakpan ang kinang na di magtatagal, mabuti pa kayang maging bituing walang ningning, nagkukubli sa liwanag at kislap ng ating pag-ibig…."*





Isang kuwento na naglalarawan ng isang pagiging dakilang ina sa mga batang hindi naman niya kadugo. Mula sa isang madyik supot ni Mama Lot, tunghayan ang isang kuwento ng tagumpay at pagmamahal sa kapwa sa kabila ng mga hirap at pagsubok sa buhay.

